4

# Modelong Banghay Aralin sa EPP

Kuwarter 1

Aralin

2



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa EPP 4**
**Kuwarter 1: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat:**
- Johnson Modesto A. Blanco, MPA (Mariano Marcos State University)

**Mga Tagasuri:**
- Emilio Aguinaldo, MTE (Philippine Normal University - Manila)
- Regie Boy B. Fabro, PhD (Mariano Marcos State University)

**Management Team**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 86 31-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**EPP/ KUWARTER 1/ BAITANG 4**

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan, bahagi, at basic operation ng computer. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Ang mga mag-aaral ay nakagagawa ng iba't ibang dokumento gamit ang *computing device* at *productivity too*ls. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>● Natatalakay ang wastong posisyon, layo, at oras sa paggamit ng computer at iba pang computing devices.<br>● Naipaliliwanag ang mga panuntunang pangkaligtasan sa paggamit ng Internet.<br>**Mga Layunin**<br>● Nasasabi ang wastong posisyon, layo, at oras sa paggamit ng computer at iba pang puting devices<br>● Nauunawaan ang kahalagahan ng tamang posisyon, layo, at oras sa paggamit ng computer at iba pang computing device<br>● Nasasabi ang kahalagahan ng online security at safety.<br>● Naipapakita ang wastong paraan ng paggamit ng internet para mapanatili ang kalusugan at kagalingan.<br>● Nakagagawa ng poster na nagpapakita ng pagpapanatiling ligtas sa paggamit ng internet. |
| **D. Nilalaman** | Digital Citizenship<br>● Digital Health and Wellness<br>● Online security and safety |
| **E. Integrasyon** | SDG 9: Industry, Innovation, and Infrastructure<br>21st Century Skills |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN


De los Reyes, C. (2002). Ang Information and Communications Technology (ICT) at ang Neokolonyal ne Eduksayon sa Pilipinas (1945-Kasalukuyan). *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies*, *17*(2), 139-166. https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/kasarinlan/article/view/708/800

Samadan, Eden F. et al. (2019). *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan, Ikaapat na Baitang- Kagamitan ng Mag-aral.* FEP Printing Corporation, Department of Education, Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR) pp. 36-40.

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Simulan ang aralin sa isang maikling pag-uusap upang balikan ang naunang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa "Introduction to Computer" at "Kahalagahan ng computer at computing devices."<br>Mga Tanong:<br>1. Ano ang mga natutunan natin tungkol sa kahalagahan ng computer at mga computing devices sa ating nakaraang aralin?<br>2. Paano tayo tinutulungan ng mga computers sa ating pang-araw-araw na gawain?<br>3. Ano ang mga benepisyo at panganib ng paggamit ng internet at mga digital devices?<br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Sa ating mundo ngayon, ang paggamit ng internet ay bahagi na ng ating pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng internet, nagkakaroon tayo ng access sa iba't ibang impormasyon, komunikasyon, at mga digital na aktibidad. Gayunpaman, kasama ng mga benepisyong ito ay may mga panganib din na dapat nating paghandaan. Mahalaga na malaman natin kung paano protektahan ang ating sarili at manatiling malusog habang ginagamit ang teknolohiyang ito.<br><br>Magsimula ng mga tanong upang makilahok ang mga mag-aaral.<br><br>1. Bakit mahalaga ang kalusugan at kaligtasan sa paggamit ng *internet?* Paano makakatulong ang kaalaman sa digital health *at online security* sa inyong pang-araw-araw na paggamit ng *internet*?<br>2. Ano ang mga benepisyo ng pagiging ligtas at maingat sa ating *online activities*?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>I-*discuss* ang mga mahahalagang termino. | Ipabatid sa mga mag-aaral ang mga layunin ng aralin.<br><br>1. Maunawaan ang konsepto ng digital health at wellness.<br>2. Maunawaan ang mga pangunahing prinsipyo ng online security at safety. |


| | | |
|---|---|---|
| | • **Digital Citizenship** ay ang matagumpay at positibong pakikilahok sa mga teknolohiyang digital na nagpapahintulot sa mga indibidwal at komunidad na magbuo ng mga halaga, kasanayan, pananaw, at kaalaman.<br>• **Digital Health** ay ang paggamit ng teknolohiya at digital na mga platform upang mapabuti ang kalusugan at kagalingan ng mga tao.<br>• **Digital Wellness** - ay ang pagpapahalaga sa malusog at makabuluhang relasyon sa teknolohiya.<br>• **Online security** - ay ang paggamit ng iba't ibang proseso at teknolohiya upang protektahan ang mga datos, mga network, mga server, mga computer, at mga elektronikong sistema laban sa masasamang atake.<br>• **Online safety** ay ang pag-iingat para manatiling ligtas sa internet.<br>• **Computer virus -** ay isang uri ng programa na ginawa upang makapanira ng mga lehitimong aplikasyon o iba pang programa ng *computer*.<br>• **Malware-** ***malware*** o ***malicious software -*** ay idinisenyo upang makasira ng *computer*. Sa pamamagitan ng *malware*, maaaring ilegal na makuha ang sensitibong impormasyon mula sa *computer*. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Digital health and wellness**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang digital health and wellness ay mahalaga sa ating lahat. Ito ay nagbibigay-daan sa atin na maging mas responsableng gumamit ng teknolohiya para sa ating kalusugan.<br>Dapat maging ligtas at kapakipakinabang sa lahat ang paggamit ng kagamitan at pasilidad sa Information and Communication Technology (ICT) katulad ng computer, email, at internet. Kailangang mahusay na mapag-aralan ang mga gabay sa ligtas at responsableng paggamit ng computer, internet, at email sa paaralan.<br>Mga tanong:<br>1. Ano ang mga ginagawa ninyo para mapanatiling malusog ang inyong sarili habang gumagamit ng computer o gadgets?<br>2. Ano ang mga nararanasan ninyo na maaaring makasama sa inyong kalusugan habang gumagamit ng internet? | Magkaroon ng talakayan tungkol dito at itanong sa mga mag-aaral kung paano sila nag-aalaga ng kanilang kalusugan sa *online world.* |

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Ipakita ang mga tama at maling posisyon sa pag-upo habang gumagamit ng computer.

Ipakita ang mga larawan ng mga posibleng epekto ng sobrang paggamit ng internet sa kalusugan (e.g., *eye strain, sleep problems, social isolation.*

Ano ang obserbasyon ninyo sa larawan.




Gayahin ang posisyon ng mag- aaral sa larawan. Nagpapakita ito ng wastong posisyon ng bawat bahagi ng katawan sa gagamit ng *computer.*

Gamitin ang tseklist upang, tiyakin kung umaayon ang mga ito sa pamantayan ng tamang paggamit ng computer:

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Maglagay ng tsek ( ✓) sa hanay ng thumbs up icon kung OO ang sagot at ng thumbs down icon kung HINDI.

| Pamantayan sa tamang paggamit ng *Computer* |  |  |
|---|---|---|
| **1.** May sandalan ang upuan at maaaring *i-adjust* ang taas rito. | | |
| **2.** Habang nagta- *type*, mas mababa nang kaunti ang keyboard sa kamay | | |
| **3.** Bahagyang nakaangat ang kabilang dulo ng *Ke*yboard. | | |
| **4.** Nakaupo nang tuwid at nakalapat ang mga paa. | | |
| **5.** Tama lang at hindi masyadong mahigpit ang pagkakahawak sa *mouse* at naiki-*click* ito nang mabilis. | | |
| **6.** Walang liwanag na nakatapat sa monitor screen. | | |
| **7.** Tinaasan o binabaan ang liwanag o *brightness* ng monitor | | |

Ipasiyasat ang larawan sa mga mag-aaral.

Ang guro at sabihin sa mga mag-aaral:

Ipakita ninyo kung paano ang tamang posisyon sa paggamit ng computer.


Ipagawa sa mga mag-aaral tungkol sa Wastong Posisyon, Layo, at Oras sa paggamit ng computer at iba pang computing devices para mataya ang kaalaman ng mga mag-aaral.

hanggang sa maging komportable sa iyong paningin.

Mga Gabay para sa Kasiya-siya at Responsableng Paggamit ng Internet para sa mga bata:

1. **Limitasyon**: Mahalaga na ang mga bata ay may limitasyon sa kanilang paggamit ng internet. Dapat nilang malaman kung hanggang saan lamang sila dapat mag-browse o maglaro online. Ito ay upang maiwasan ang pag-aaksaya ng oras at mapanatili ang balanse sa kanilang buhay.
2. **Think Before You Click**: Isang mahalagang prinsipyo ay ang "think before you click." Bago i-click ang anumang link o button online, dapat suriin muna kung ito ba ay ligtas at kung mayroon itong potensyal na makasama.
3. **Respeto**: Tinutukoy nito ang paggalang sa iba, lalo na sa online community. Dapat tayo ay magpakita ng respeto sa mga kapwa natin netizens, huwag mag-post ng masasakit na salita, at iwasan ang cyberbullying.
4. **Positibong Paggamit**: Ang internet ay isang malaking tulong sa edukasyon, komunikasyon, at iba pang aspeto ng buhay. Dapat gamitin ito para sa mga positibong bagay tulad ng pag-aaral, pagbuo ng kaalaman, at pagtulong sa iba.
5. **Responsableng Paggamit**: Bilang mga bata, kailangan natin maging responsable sa ating online behavior. Ito ay kasama na ang pag-iwas sa pag-post ng personal na impormasyon, paggamit ng social media nang maayos, at pag-unawa sa mga panganib ng online world.

Isulat sa graphic organizer ang mahahalagang alalahanin para sa ligtas at responsableng paggamit ng internet.




Ano ang inyong natutuhan mula sa aralin?

Ipagawa sa mga mag-aaral ang
**Gawain Blg. 1: Posisyon, layo, at oras sa paggamit ng computer at iba pang computing devices**

Ipresenta sa mga mag-aaral ang mga gabay para sa kasiya-siya at responsableng paggamit ng Internet.

| | | |
|---|---|---|
| | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Online security and safety**<br><br>**1.Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Malaki ang pakinabang sa atin ng paggamit ng internet. Sa pag-aaral, nagagamit natin ito sa pagsasaliksik ng mga impormasyon sa paksang-aralin. Nakakapagpalitan tayo ng mga mensahe at nakakukuha ng mga larawan, awitin, video, at iba pang bagay na nagagamit sa pag-aaral. Subalit may panganib na kaakibat ang patuloy na paggamit ng internet. Isa na rito ang pagkalat ng malware at computer virus. Mahalagang malaman kung ano ang mga ito. Paano kumakalat at paano ito maiiwasan.<br><br>Ang online security and safety ay mahalaga upang mapanatiling ligtas ang ating personal na impormasyon at maiwasan ang mga panganib tulad ng hacking at phishing.<br>1. Ano ang mga paraan upang mapanatili ang kaligtasan ng inyong impormasyon online?<br>2. Bakit mahalaga ang paggamit ng malalakas na passwords at pag-iwas sa pagbibigay ng personal na impormasyon sa hindi kilalang websites?<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Ipasuri ang larawan.<br><br>Sagutin ang sumusunod na tanong:<br>1. Naranasan mo na ba ang biglang pagbagal at pagre-restart ng iyong computer?<br>2. Ano ang ginawa mo nang maranasan mo ito?<br>3. Ano sa iyong palagay ang dahilan ng pagbagal at pagre- restart ng iyong computer?Ibigay ang mga positibong epekto ng tamang paggamit ng teknolohiya sa kalusugan at kagalingan, tulad ng *access* sa impormasyon, *fitness apps*, at *mental health resources.*<br><br>Ito ay ang pagprotekta sa ating sarili laban sa mga banta at panganib sa online | Ipaliwanag sa mga mag-aaral tungkol sa Online Security and Safety.<br><br>20 minuto |

| | | |
|---|---|---|
| | na mundo.<br>Ang mga paliwanag tungkol sa mga konsepto na ito:<br>1. **Malalakas na Passwords (Strong Passwords)**:<br>○ Ang malalakas na passwords ay mahalaga para sa iyong online privacy. Ito ay parang mga digital na susi na nagbibigay ng access sa iyong mga online account at nagpoprotekta laban sa mga hindi awtorisadong gumagamit.<br>○ Ang mahinang password ay nagiging butas sa ating seguridad, kaya't mahalaga na gumawa tayo ng mga kakaibang at komplikadong password para sa bawat online account.<br>○ Ito ay dapat may iba't ibang uri ng mga character tulad ng mga letra, numero, at mga special na simbolo. Ang paggamit ng malalakas na passwords ay nagbibigay proteksyon sa ating personal na impormasyon at nagpapahalaga sa ating online safety.<br>2. **Phishing**:<br>○ Ang phishing ay isang uri ng social engineering at scam kung saan niloloko ng mga attacker ang mga tao upang ibunyag ang kanilang sensitive na impormasyon o mag-install ng malware tulad ng ransomware.<br>○ Karaniwang ginagamit ang email spam para sa phishing attacks. Ito ay nagpapanggap na galing sa kilalang kumpanya o institusyon upang lokohin ang mga tao na magbigay ng kanilang login credentials.<br>○ Ang mga phishing attack ay maaaring magdulot ng financial losses, identity theft, at iba pang panganib sa online security.<br>3. **Cyberbullying**:<br>○ Ang cyberbullying ay ang pag-aabuso sa ibang tao gamit ang digital na teknolohiya tulad ng social media, messaging apps, at mobile phones.<br>○ Ito ay maaaring magdulot ng mental at pisikal na pinsala. Karaniwang naglalaman ito ng negatibong, masasakit, o mapanirang content tungkol sa isang tao.<br>○ Ang mga lugar kung saan madalas mangyari ang cyberbullying ay ang social media, text messaging, online forums, at iba pang online platforms.<br>4. **Privacy Settings**:<br>○ Ang privacy settings ay bahagi ng isang website, browser, o software na nagbibigay sa iyo ng kontrol kung sino ang makakakita ng impormasyon tungkol sa iyo. | Ipaliwanag ang mga konsepto ng *strong passwords, phishing, cyberbullying,* at *privacy settings.*<br><br>Ibigay ang kahulugan ng "Online Security and Safety." |

- Ito ay mahalaga para sa pagprotekta ng iyong online privacy. Maaari mong i-customize ang mga setting na ito para mapanatili ang seguridad ng iyong personal na data

Laro:

Tumayo kung nagpapakita ito ng tamang panuntunan sa paggamit ng computer. Manatiling nakaupo kung ito ay hindi


1. Ibigay ang password kahit kanino.
2. Ingatan lahat ang kagamitan sa loob ng computer laboratory.
3. Kumain habang ginagamit ang *computer.*
4. Ibigay ang personal na impormasyon kahit kanino.
5. *I-shut down* ang mga koneksiyon ng internet kung tapos nang gamitin.

Narito ang ilang halimbawa ng mga hakbang sa online security at safety:


1. **Paggamit ng *Secure* na *Passwords:*** Halimbawa, gumamit ng mahahalagang letra, numero, at mga simbolo sa paglikha ng isang malakas na password. Iwasan ang mga madaling hulaan tulad ng pangalan ng tao o petsa ng kapanganakan.
2. **Mga *Antivirus* at *Firewall*:** Mag-install at panatilihin ang mga antivirus software at *firewall* sa iyong mga device upang maprotektahan ang iyong sarili laban sa mga mapanganib na programa at *malware*.
3. **Pag-*update* ing *Software:*** Regular na i-update ang iyong mga software at operasyon na sistema sa mga pinakabagong bersyon upang maiwasan ang mga isyung pangseguridad at mga *bug* na maaaring gamitin ng mga *hacker.*
4. **Pagsasaalang-alang sa Impormasyong Pribado:** Mahalaga na hindi ibahagi ang personal na impormasyon. Ito ay maaaring mga detalye tulad ng buong pangalan, direksyon, numero ng telepono, o anumang impormasyon sa pamilya.
5. **Paggamit ng Seguridad na Mga Site:** Tiyaking tama mga website na iyong sinusundan.. Nagtataglay ng SSL certificate (nakikita sa pamamagitan ng https) upang masiguro na ang data na iyong ipinapasok o ini- download ay na-*encrypt* at ligtas mula sa potensyal na mga pandaraya

Ang ***malware*** o ***malicious software*** ay idinisenyo upang makasira ng *computer*. Sa pamamagitan ng *malware*, maaaring ilegal na makuha ang sensitibong impormasyon mula sa *computer*. Ang mga halimbawa ng *malware* ay *virus*, *worm*, o *trojan*.

Ang ***computer virus*** ay isang uri ng programa na ginawa upang makapanira ng mga lehitimong aplikasyon o iba pang programa ng *computer*. Ito ay kusang umuulit at nagpaparami ng sarili. Karaniwan itong pumapasok sa mga *computer* nang walang pahintulot mula sa gumagamit o *user*.




Basahin at pag-aralan ang ilang paraan sa pagtukoy na may *virus* ang *computer*.




Ipaliwanag ng guro tungkol sa dahilan kung bakit nagkakaroon ng *virus* at *malware* ang *computer*.

Itanong sa mga mag-aaral kung sino sa kanila ang marunong gumamit ng internet.

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>Magtanong tungkol sa mga karanasan nila sa paggamit ng internet.<br>Ipakita ang isang maikli ngunit makabuluhang video tungkol sa mga posibleng panganib sa online world.<br><br>Alamin: Mga panganib sa pag-o-*online* ng mga bata.<br>● Magkaroon ng talakayan tungkol sa napanood na video at itanong sa mga mag- aaral kung ano ang kanilang natutuhan.<br>● Ipakita ang mga larawan ng mga posibleng epekto ng sobrang paggamit ng internet sa kalusugan (e.g., eye strain, sleep problems, social isolation).<br>● Magbigay ng mga paraan kung paano mapanatili ang kalusugan habang gumagamit ng internet (e.g., pagkakaroon ng regular na pahinga, paggamit ng anti- radiation glasses).<br>● Magkaroon ng talakayan tungkol dito at itanong sa mga mag-aaral kung paano sila nag-aalaga ng kanilang kalusugan sa online world.<br>● Ipakita ang mga larawan ng mga sitwasyong may kaugnayan sa cyberbullying.<br><br>Magbigay ng mga halimbawa ng mga mensahe ukol dito. Magkaroon ng talakayan tungkol sa cyberbullying at kung paano ito maiiwasan at masusugpo.<br><br>Talakayin ang Digital Citizenship, partikular na ang mga konsepto ng "Digital Health and Wellness" at "Online Security and Safety." Mahalaga ang mga ito upang maging responsable at maingat sa ating mga gawain sa online na mundo. Sa tulong ng araling ito, matutuhan natin kung paano mapanatili ang ating kalusugan at kaligtasan habang tayo ay nasa digital na kapaligiran.<br>Panuntunan sa paggamit ng computer, internet, at email.<br>1. Magkaroon ng takdang oras kung hanggang kalian maaring gumamit ng computer at internet.<br>2. Piliin lamang ang mga website na maaaring puntahan para sa iyong edukasyon.<br>3. Mag-install ng internet content filter o magpatulong sa nakakatanda upang masala ang mga kapaki-pakinabang naimpormasyon na maaring madownload o mabasa.<br>4. Makipag-ugnayan o makipag-chat lamang sa mga taong lubos na | |

| | | |
|---|---|---|
| | kakilala.<br>5. Sundin ang wastong paggamit ng mga Social Networking Sites, Email at Instant Messaging.<br>6. Huwag pupunta sa mga sites na mayroong malalaswang impormasyon, grapiko, o video.<br>7. Gamitin ang computer at internet sa paaralan para sa layuning pang-edukasyon lamang.<br>8. Iwasan ang pagkain o pag-inom sa loob ng computer laboratory.<br>9. Iwasang magbigay o maglathala ng mga personal na impormasyon sa ibang tao tulad ng email address, contact number, at tirahan gamit ang computer, internet, at email.<br>10. Gumamit lamang ng mga ligtas na Search engine sa internet.<br>11. Gumamit ng password na mahirap hulaan at di madaling ma-access ng iba.<br>12. Huwag ipamimigay ang password kaninoman maliban sa mga magulang.<br>13. Siguraduhing naka log-out sa mga sites na iyong binuksan.<br>14. I-shutdown ang computer kung tapos na itong gamitin.<br><br>Tulungan ang mga mag-aaral gawin ang<br>**Gawain Blg. 2: Health and Wellness** at<br>**Gawain Blg. 3 & 4: Online Security and Safety** | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>Halimbawa, isalaysay ang isang sitwasyon kung saan may nagpapakilalang kakilala online at nagtatanong ng personal na impormasyon.<br>Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa mga sumusunod na sitwayon:<br>● may humingi sa iyo ng iyong password<br>● gustong makipagkita ang bagong kakilala sa facebook<br>● may biglang impormasyon o lathalain sa computer na sa iyong palagay ay hindi angkop.<br>Itanong ang sumusunod:<br>1. Ano ang maaaring panganib sa ganitong sitwasyon?<br>2. Ano ang dapat gawin kung ikaw ay nasa ganitong kalagayan?<br>3. Paano mo mapanatili ang iyong seguridad? | |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>● Ano-ano ang kahalagahan ng online security at safety?<br>● Ano-ano ang mga wastong paraan ng paggamit ng internet para mapanatili ang kalusugan at kagalingan? | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**1. Pagsusulit**<br>**Pabaong Pagkatuto**<br>A. Isulat sa notbuk ang **T** kung tama ang pahayag at **M** naman kung mali.<br>________1. Makatutulong sa mabilis na pagpapadala at pagkuha ng impormasyon ang paggamit ng mga ICT *equipment* at *gadgets*.<br>________2. Dapat gumamit ng *internet* sa paaralan anumang oras at araw.<br>________3. Maaaring magbigay ng personal na impormasyon sa taong nakilala mo gamit ang *Internet*.<br>________4. Dapat ipaalam sa guro ang mga nakita mo sa *internet* na hindi mo naiintindihan.<br>________5. Ibigay ang *password* sa kamag-aral upang magawa ang *output* sa panahong liliban ka sa klase.<br>________6. Ang *virus* ay kusang dumarami at nagpapalipat-lipat sa mga *document* o *files* sa loob ng *computer*.<br>________7. Ang biglang pagbagal ng *computer* ay palatandaan na may *virus* ito.<br>________8. Ang *worm* ay isang *malware* na nangongolekta ng impormasyon mula sa mga tao nang hindi nila nalalaman.<br>________9. Ang *malware* ay anumang uri ng *software* na idinisenyo upang manira ng sistema ng *computer*.<br>________10. Ang *Trojan Horse* ay isang mapanirang programa na nagkukunwaring isang kapakipakinabang na | |

| | | |
|---|---|---|
| | aplikasyon.<br><br>B. Piliin ang pinakamabuting sagot ayon sa mga dapat isaalang- alang sa paggamit ng *computer*.<br>11. Pagpasok sa *computer laboratory*, ang dapat kong gawin ay:<br>a. buksan ang *computer*, at maglaro ng *online games*<br>b. tahimik na umupo sa upuang itinalaga para sa akin<br>c. kumain at uminom<br>12. May nagpapadala sa iyo ng hindi naaangkop na "*online message*," ano ang dapat mong gawin?<br>a. Panatilihin itong isang lihim.<br>b. Tumugon at hilingin sa nagpadala sa iyo na huwag ka na niyang padalhan ng hindi naaangkop na mensahe.<br>c. Sabihin sa mga magulang upang alertuhin nila ang *Internet Service Provider*.<br>13. Sa paggamit ng *internet* sa *computer laboratory*, alin sa mga ito ang dapat gawin?<br>a. Maaari kong i-*check* ang aking *email* sa anumang oras na naisin ko.<br>b. Maaari akong pumunta sa *chat rooms* o gamitin ang *instant messaging* para makipag-ugnayan sa aking mga kaibigan.<br>c. Maaari ko lamang gamitin ang *internet* at magpunta sa aprobado o mga pinayagang *websites* kung may pahintulot ng guro.<br>14. Kapag may humingi ng personal na impormasyon tulad ng mga numero ng telepono o *address*, dapat mong:<br>a. ibigay ang hinihinging impormasyon at magalang na gawin ito.<br>b. i-*post* ang impormasyon sa anumang pampublikong *websites* tulad ng Facebook, upang makita ninuman.<br>c. iwasang ibigay ang personal na impormasyon *online*, dahil hindi mo batid kung kanino ka nakikipag-ugnayan.<br>15. Nakakita ka ng impormasyon o lathalain sa *computer* na sa iyong palagay ay hindi naangkop, ano ang dapat mong gawin? | |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">a. Huwag pansinin. Balewalain.<br>b. I-off ang computer at sabihin ito sa iyong kaibigan.<br>c. Ipaalam agad sa nakatatanda.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang Aralin (Opsiyonal)</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Note observations on any of the following areas:</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>strategies explored</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>materials used</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>learner engagement/ interaction</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Others</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td></tr>
</table>